

BPI-LBNCRDPSC

VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

CORE VALUES

SPICE IT!

Service Orientation. We are proactive and we value our clients.

Professionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

Integrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

Commitment. We work with passion and dedication.

Excellence. We produce the best results.

Innovative. We find new solutions.

Teamwork. We exercise partnership and camaraderie.

Inihanda nina:

Hermingilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Mearne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II

Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural
Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based
Home and Community Gardening



Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o sumulat sa:

THE CENTER CHIEF

BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños, Laguna

 (049) 536-0285

 (049) 536-7931; 536-0285, 536-6462

 bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph

 Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
Bureau of Plant Industry
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support
Center

GABAY SA PAGHAHANDA NG “NATURAL FARMING CONCOCTIONS”



PAGHAHANDA NG IBA'T-IBANG “NATURAL FARMING CONCOCTIONS”

Fermented Plant Juice (FPJ)

Ang FPJ ay mula sa mga parte ng halaman gaya ng bagong usbong na dahon ng kakawate o madre de cacao (*Gliricidia sepium*), kamote, kamoteng kahoy, madre de agua at iba pa.




1. Kumuha ng sariwang dahon (ie. kakawate)



2. Tadtarin ito ng maliliit upang mas madaling iproseso



3. Lagyan ng molasses o asukal at haluing mabuti



4. Takpan ng tela o papel/plastik na may maliliit na butas



5. Matapos ang 7 o 14 araw, kunin ang katas saka ilagay sa plastik o bubog na botelya/basyo



6. limbak sa tuyo at malamig na lugar



7. Maaari nang ihalo sa tubig at idilig sa halaman

DAMI NG KAILANGANG MATERIALES

Sa bawat 4kg na dahon ay kailangan ng 2L molasses o 2kg na asukal (brown)

Fermented Fruit Juice (FFJ)

Ang FFJ ay mula sa mga tira tirang prutas na binuro at dumaan sa proseso ng *fermentation*. Ito ay mabuting pangkondisyon ng lupa at mataas sa potassium na mahalaga sa pagpapatamis ng bunga ng halamang namumunga.



1. Mangolekta ng prutas (maari ring gamitin ang banana corm)



Photo Source: UPLift Project Journal



Photo Source: Organic.da.com.ph
3. Lagyan ng asukal/molasses at haluin



4. Takpan ng tela o papel/plastik na may maliliit na butas



5. Matapos ang 7 o 14 na araw, kunin ang katas



6. limbak sa tuyo at malamig na lugar



7. Maari nang ihalo sa tubig at idilig sa halaman

DAMI NG KAILANGANG MATERIALES

Sa bawat 1kg prutas, lagyan ng 1L molasses o 1kg na asukal (brown)

Fish Amino Acid (FAA)

Ang FAA ay mula sa binurong isda o bahagi ng isda na hindi na maaring kainin (*fish trash*)



Photo Source: Science Photo Library

1. Mangolekta ng isda o mga bahagi nito na di na makakain



2. Lagyan ng asukal/ molasses at haluing mabuti



3. Takpan ng tela o papel/plastik na may maliliit na butas



4. Matapos ang 7 o 14 araw, kunin ang katas



5. Ilmbak ito sa plastic o bubog na botelya at itabi sa tuyo at malamig na lugar



6. Maaari nang ihalo sa tubig at idilig sa halaman

DAMI NG KAILANGANG MATERIALES

Sa bawat 1kg isda o bahagi nito, lagyan ng 1L molasses o 1kg na asukal (brown)

References:

Agricultural Training Institute-Regional Training Center VIII. Farmers Guide on Bio-Organic Inputs from Plants, Fish and Animal Liquid Extracts, December 2006. Web. 29, January 2013. <ati.da.gov.ph/rtc8/sites/default/files/how to prepare organic inputs.pdf>
Miller Maghirang Rodel G. Organic Fertilizers from Farm Waste Adopted by Farmers in the Philippines, FFTC 1998-2015. Web. 20 October 2015.

Indigenous Microorganisms (IMO)


Ang IMO ay nagtataglay ng maraming beneficial microorganisms na nakatutulong magkondisyon ng lupa at nakatutulong upang malabanan ang mga *soil-borne pathogens* na nagiging sanhi ng sakit ng halaman.



1. Ilagay sa isang lalagyan ang kanin at maghintay ng 5-7 araw hanggang magkaamag



2. Ihalo sa may amag na kanin ang asukal/molasses



3. Takpan ng tela o papel/plastik na may maliliit na butas



4. Matapos ang 7 araw, kunin ang katas

DAMI NG KAILANGANG MATERIALES

Sa bawat 1kg lutong bigas, lagyan ng 1L molasses o 1kg na asukal (brown)

ORIENTAL HERBAL NUTRIENT (OHN)

Ang OHN ay mula sa iba't ibang herbs na binuburo upang maging pangkondisyon ng lupa.



1. Gayatin ang turmeric/herb



2. Lagyan ng asukal o molasses at i-ferment na 7 araw



3. Dagdagan ng lambanog at muling i-ferment ng 10 araw saka katasin (ang unang extraction ay mabuti sa alagang hayop)



4. Dagdagan uli ng lambanog at muling i-ferment ng 10 araw saka muling katasin



5. limbak sa tuyo at malamig na lugar. Sa paggamit, ihalo sa tubig at idilig sa halaman

DAMI NG KAILANGANG MATERIALES

Sa bawat 5kg herb lagyan ng 2L molasses o 2 kg na asukal (brown) at 1gal lambanog/natural

<<http://www.fftc.agnet.org/library.php?func=view&style=type&id=20110804162833>>
Sherri A., David M. Ikeda, Eric Weinert, Jr., Kim C.S. Chang, Joseph M. McGinn, Cheyanne Kelihoomalau, and Michael W. DuPont. Natural Farming: Oriental Herbal Nutrient, February 2014. Web. 20 October 2015. <http://www.ctahr.hawaii.edu/oc/freepubs/pdf/SA-11.pdf>
Bureau of Plant Industry. 2016. Preparation of Fermented Liquid Fertilizers. Training Module. 2020